# Ang Paraiso ay higit na malapit sa [bawat] isa sa inyo kaysa sa panali ng sandalyas niya at ang Impiyerno ay tulad niyon."}

Ayon sa Anak ni Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang Paraiso ay higit na malapit sa [bawat] isa sa inyo kaysa sa panali ng sandalyas niya at ang Impiyerno ay tulad niyon."}
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Paraiso at ang Impiyerno ay malapit sa tao gaya ng kalapitan ng sintas ng sapatos na nasa ibabaw ng paa dahil siya ay maaaring gumagawa ng isang pagtalima kabilang sa kaluguran ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na papasok siya dahil dito sa Paraiso, o ng isang pagsuway na magiging isang kadahilanan ng pagpasok sa Impiyerno.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee